Washington State Department of HEALTH

# Access sa Banyo ng Motor Carrier

Sa ilalim ng batas ng estado na 70.54 Revised Code of Washington (RCW, Binagong Kodigo ng Washington), pinoprotektahan ang access sa mga banyo ng mga motor carrier kapag naghahatid o kumukuha sila ng mga kalakal mula sa mga negosyo sa estado ng Washington. Ang motor carrier ay isang taong nagbibigay ng transportasyon sa sasakyang de-makina nang may bayad. Kung ikaw ay motor carrier at hindi ka binigyan ng access sa banyo ng isang negosyo sa estado ng Washington habang naghahatid o tumatanggap ng mga kalakal, pakisagutan ang form sa ibaba.

**Ang isang negosyong hindi nagbibigay sa mga motor carrier ng access sa mga banyo ay maaaring patawan ng isang sulat ng paglabag at/o multa.**

Kung kailangan mo ng suporta o mga akomodasyon para sagutan ang form na ito, makipag-ugnayan sa amin sa:

Email eph.cru@doh.wa.gov

Telepono (833) 770-7400 walang bayad

Koreo Attn: Complaint Response Unit
Environmental Public Health
Office of the Assistant
Secretary PO Box 47820
Olympia, WA 98504

Maaaring ibunyag sa publiko ang impormasyong nakalagay sa form na ito. Kung gusto mong hindi ka makilala, **huwag** isama sa iyong reklamo ang impormasyon mo sa pakikipag-ugnayan. Pakitandaan na kung hindi ka magbibigay ng impormasyon sa pakikipag-ugnayan, maaaring hindi kami makapag-imbestiga nang lubos o makapagpatuloy sa pagkilos para maipatupad ang batas.

**Hiwalay ang proseso para sa pag-uulat ng mga pasilidad sa daungan ng Washington na hindi nagbibigay ng access sa mga banyo at lugar ng paggagatas para sa mga trucker.**

1. **Pangalan:**

2. **Apelyido:**

3. **Pangunahing Wika:**

4. **Numero ng Telepono:**

5. **Address:**

6. **Email Address:**

7. **Kung kailangan namin ng mas marami pang impormasyon, ano ang pinakamainam na oras para makipag-ugnayan sa iyo?**

8. **Hindi ka ba binigyan ng access sa isang pasilidad ng banyo habang naghahatid o tumatanggap ng mga kalakal?**

   *Kung oo, puwede mo bang ilarawan kung sino ang hindi nagbigay sa iyo ng access o ibigay sa amin ang pangalan niya?*

9. **Pangalan ng negosyong hindi nagbigay sa iyo ng access sa isang banyo:**

10. **Address ng Negosyo:**

11. **Numero ng Telepono ng Negosyo:**

12. **Iba pang Nakikilalang Impormasyon:**

*Sakaling maraming lokasyon o maraming gusali sa iisang lote.*

13. **May kinuha o inihatid ka ba sa lokasyong ito?**

- ☐ May kinuha
- ☐ May inihatid

14. **Pakilarawan ang iyong reklamo gamit ang maraming detalye hangga't maaari:**

**Paunawa sa Privacy:** Ginagamit namin ang impormasyon mula sa mga form na ito para iproseso ang iyong reklamo at abisuhan ang kompanyang inisyuhan ng reklamo. Maaari naming ipadala ang impormasyon sa iba pang ahensiya ng gobyerno. Hindi namin ibebenta, iparerenta, o ipahihiram sa mga third party ang impormasyong ibibigay mo sa amin. Gagamitin lang namin ito para sumagot sa iyo o imbestigahan ang iyong reklamo. Lubos naming inirerekomenda na huwag kang magsumite ng sensitibong personal na impormasyon sa form. Ang lahat ng impormasyong kinokolekta sa form ay itinuturing na talaang pampubliko at hindi kumpidensiyal. Maaari itong siyasatin at kopyahin ng publiko, maliban na lang kung may naisabatas na exemption o iba pang proteksiyon. Kung may matanggap kaming wastong hiling para sa mga talaang pampubliko, ipadadala namin ang mga talaang ito tulad ng nakasaad sa RCW (Revised Code of Washington) 42.56.

Upang hilingin ang dokumentong ito sa ibang format, tumawag sa 1-800-525-0127. Para sa mga customer na bingi o nahihirapang makarinig, mangyaring tumawag sa 711 (Washington Relay) o mag-email sa civil.rights@doh.wa.gov.